

DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES

1600 NINTH STREET, Room 320, MS 3-8
SACRAMENTO, CA 95814
TTY (916) 654-2054 (Para sa may Kapansanan sa Pandinig)
(916) 654-1954



Nobyembre 4, 2019

SA: MGA DIREKTOR NA TAGAPAGPAGANAP NG SENTRONG PANREHIYON

PAKSA: MGA PAGSUSURI NG KARANASAN NG PROVIDER NG SERBISYONG
KALAYAANG MAGPASYA

Layunin ng sulat na ito na matukoy ang mga provider ng mga serbisyo at suporta na dapat kumuha ng pagsusuri ng karanasan sa krimen upang magbigay ng mga serbisyo para sa mga konsyumer sa Programang Kalayaang Magpasya [Welfare and Institutions (W&I) Code §4685.8(w)]. Pinapalitan ng sulat na ito, kasama ang karagdagang impormasyon na nasa ibaba tungkol sa proseso ng pagsusuri ng karanasan, ang memo tungkol sa paksang ito noong Setyembre 24, 2015.

Kinakailangang kumuha ng pagsusuri ng karanasan sa krimen ang mga sumusunod na indibidwal:

- Mga provider na nagbibigay ng direktang serbisyo na pangangalaga sa sarili (mga serbisyong tulong sa pagbibihis, pag-aayos ng sarili, paliligo o pansariling kalinisan); at,
- Sinumang iba pang provider ng mga serbisyo para kung kanino ay hiniling ang pagsusuri ng karanasan sa krimen ng isang kasali o ang serbisyong pamamahala ng pananalapi ng kasali.

Binabanggit ng W&I Code §4685.8(w) na dapat isagawa ang mga pagsusuri ng karanasan para sa Programang Kalayaang Magpasya nang naaayon sa prosesong inilalarawan sa W&I Code §4689.2 hanggang 4689.6 naaangkop sa mga family home agency (FHA). Ipinahihiwatig ng Seksyon 4689.2 na dapat kumuha ng buong karanasan sa krimen mula sa Kagawaran ng Katarungan at, kung naaangkop, sa Federal Bureau of Investigation (FBI). Naaayon sa proseso ng pagsusuri ng karanasan para sa mga FHA, dapat kumuha ng impormasyon mula sa FBI para sa mga indibidwal na hindi patuloy na nanirahan sa California sa huling dalawang taon [tingnan ang Titulo 17, Kodigo ng mga Regulasyon ng California §56085(b)].

Tutulong ang provider ng serbisyong pamamahala ng pananalapi ng kasali sa mga provider ng angkop na serbisyo sa prosesong ito sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila sa mga angkop na lokasyon kung saan maaaring kuhanin ang mga fingerprint. Bilang paalala, responsibilidad ng provider ng serbisyo ang gastos para sa pagkuha ng fingerprint.

“Bumubuo ng mga Pakikipagtulungan, Sumusuporta sa mga Pagpipilian”

Mga Direktor na Tagapagpaganap ng Sentrong Panrehiyon

Pahina dalawa

Kung may anumang tanong tungkol sa mga kinakailangan sa pagsusuri ng karanasan sa krimen, mangyaring mag-email sa sdpbackground@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Pinirmahan ang orihinal ni:

JIM KNIGHT

Kinatawang Direktor

Sangay ng mga Programa ng Pederal

cc: Mga Tagapangasiwa ng Sentrong Panrehiyon
Mga Punong Tagapayo ng Sentrong Panrehiyon
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Sentrong Panrehiyon
Samahan ng mga Ahensya ng Sentrong Panrehiyon
Sanggunian ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Mga Karapatan sa Kapansanan ng California
Pangkat Tagapayo ng Programang Kalayaang Magpasya